# *JOANNA MARIE L. MARTIREZ*

Nagtapos si Joanna Marie L. Martirez sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas sa kursong AB FIlipinolohiya noong 2006. Kasalukuyang kumukuha ng masterado sa Pamantasan ng Lungsod ng Maynila sa programang MA Filipinology. Guro sa Filipino sa Junior High School sa Pasig City Science High School mula taong 2007 hanggang sa kasalukuyan. Hilig ang pagbabasa ng mga nobelang tagalog at Tagalog romance pocketbooks, at pagsusulat ng kwento, tula at dagli.

# ALAM NA!

“Tangina mong hayop ka! Sa’n ka na naman natulog kagabi?!”

Dinig na dinig ni Carlo ang boses ng nanay niya habang papasok siya sa bahay. Nakatitiyak siyang nagsisimula na naman ang murahan.

“Tangina mo! Hindi na ba titigil ‘yang bunganga mo?!” sigaw ng tatay ni Carlo.

Agad na binuhat ni Carlo ang magtatatlong taong gulang na kapatid na hindi pa nakapagsasalita at dinala sa kuwarto. Iniupo niya ito sa kama.

Nakangiti ito sa kaniya pagkatapos niyang iabot ang hopia.

Maya-maya, nanlaki ang kaniyang mga mata at nagmamadaling lumabas ng kuwarto kasama ang kapatid.

“Nay! Tay! Marunong nang magsalita si Koy-Koy! Marunong na siya! Koy, iparinig mo nga kina nanay at tatay.”

Napangiti si Koy-Koy sabay sigaw, “Tangina mo!”